



BIBLE STUDY

Nehemias 7:5-73

February 18-24

PAGTUKLAS

PAG-UNAWA

PAGTUGON



MAHALAGANG

Prinsipyo sa Buhay

Nehemias 7:5-73



PAGTUKLAS



PAG-UNAWA



PAGTUGON

Nehemias 7:5-73

Magandang Balita Biblia

5 Pinangunahan ako ng Diyos upang tipunin ang mga tao at ang kanilang mga pinuno at mga hukom para suriin ang listahan ng kanilang mga angkan. Natagpuan ko ang listahan ng mga angkan na unang nagbalik mula sa pagkabihag sa Babilonia. 6 Ito ang mga Judiong nabihag ni Haring Nebucadnezar ng Babilonia at muling nakabalik sa Jerusalem at sa kani-kanilang bayan sa Juda: 7 Ang mga pinuno nila ay sina Zerubabel, Josue, Nehemias, Azarias, Raamias, Nahamani, Mordecai, Bilsan, Misperet, Bigvai, Nehum at Baana.



Nehemias 7:5-73

Magandang Balita Biblia

8-25 Ito ang listahan ng mga angkan ng Israel at ng bilang ng bawat angkan na bumalik mula sa pagkabihag:

Angkan	Bilang
Paros	2,172
Sefatias	372
Arah	652
Pahat-moab na mula sa angkan ni Jeshua at Joab	2,818
Elam	1,254
Zatu	845
Zacai	760



Nehemias 7:5-73

Magandang Balita Biblia

Binui	648
Bebai	628
Azgad	2,322
Adonikam	667
Bigvai	2,067
Adin	655
Ater na tinatawag ding Hezekias	98
Hasum	328
Bezai	324
Harif	112



Nehemias 7:5-73

Magandang Balita Biblia



26-38 Ito naman ang listahan ng mga bumalik ayon sa bayang pinagmulan ng kanilang mga ninuno:

Bayan	Bilang
Bethlehem at Netofa	188
Anatot	128
Beth-azmavet	42
Jearim, Quefira, at Beerot	743
Rama at Geba	621
Micmas	122
Bethel at Ai	123

Nehemias 7:5-73

Magandang Balita Biblia



Nebo	52
Elam	1,254
Harim	320
Jerico	345
Lod, Hadid at Ono	721
Senaa	3,930

39-42 Ito ang listahan ng mga angkan ng mga pari na nagbalik mula sa pagkabihag: angkan ni Jedaias mula sa lipi ni Jeshua, 973; angkan ni Imer, 1,052; angkan ni Pashur, 1,247; angkan ni Harim, 1,017.

Nehemias 7:5-73

Magandang Balita Biblia

43 Ito ang listahan ng mga angkan ng mga Levita na nagbalik mula sa pagkabihag: angkan nina Jeshua at Kadmiel mula sa lipi ni Hodavias, 74.

44 Mga mang-aawit sa Templo: angkan ni Asaf, 148.

45 Mga bantay sa Templo: angkan nina Sallum, Ater, Talmon, Akub, Hatita at Sobai, 138.



Nehemias 7:5-73

Magandang Balita Biblia



46-56 Ito naman ang listahan ng mga angkan ng mga manggagawa sa Templo na nagbalik mula sa pagkabihaag:

Ziha, Hasufa, Tabaot,
Keros, Sia, Padon,
Lebana, Hagaba, Salmal,
Hanan, Gidel, Gahar,
Reaias, Rezin, Nekoda,
Gazam, Uza, Pasea,
Besai, Meunim, Nefusesim,

Nehemias 7:5-73

Magandang Balita Biblia

Bakbuk, Hakufa, Harhur,
Bazlit, Mehida, Harsa,
Barkos, Sisera, Tema,
Nezias at Hatifa.

57-59 Ito ang listahan ng angkan ng mga lingkod ni Solomon na bumalik mula sa pagkabihag: mga angkan nina Sotai, Soferet, Perida, Jaala, Darkon, Gidel, Sefatias, Hatil, Poqueret-hazebaim at Ammon.



Nehemias 7:5-73

Magandang Balita Biblia



60 Ang kabuuang bilang ng mga nakabalik na mga manggagawa sa Templo na mga anak ng mga lingkod ni Solomon ay 392.

61-62 Ito naman ang mga nakabalik mula sa Tel-mela, Tel-harsa, Querub, Adon at Imer ngunit hindi nila napatunayang sila'y mga Israelita: mga angkan nina Delaias, Tobias at Nekoda, 642.

Nehemias 7:5-73

Magandang Balita Biblia

63 Ito naman ang mga nakabalik sa mga angkan ng pari, ngunit hindi nila napatunayan ang pinagmulan nilang angkan: angkan nina Hobaias, Hakoza at Barzilai. Ang ninuno ng mga paring mula sa angkan ni Barzilai ay napangasawa ng anak na babae ni Barzilai na taga-Gilead, at siya ay tinawag sa pangalan ng kanyang biyenang. 64 Hinanap nila ang kanilang angkan sa listahan ng mga angkan ngunit hindi nakita, kaya sila'y hindi kinilalang mga pari.



Nehemias 7:5-73

Magandang Balita Biblia

65 Pinagbawalan sila ng gobernador na kumain ng pagkaing inialay sa Diyos, hanggang wala pang paring gumagamit ng Urim at Tumim.

66 Ang kabuuan ng mga bihag na nakabalik ay 42,360.

67 Ang mga aliping lalaki at babae ay 7,337 at ang mga mang-aawit na babae at lalaki ay 245.

68-69 May naibalik ding 736 na kabayo, 245 mola,[a] 435 kamelyo at 6,720 asno.



Nehemias 7:5-73

Magandang Balita Biblia

70-72 Ilan sa mga pinuno ng mga angkan ang nagbigay ng ambag para ipagawang muli ang templo. Ang gobernador ay nagbigay ng walong kilong ginto, limampung mangkok na pilak na ginagamit sa pagsamba at 530 kasuotan ng mga pari. May iba pang mga pinuno ng angkan na nagbigay ng 168 kilong ginto at 1,250 kilong pilak. Ang kabuuang ipinagkaloob ng iba pang mga tao ay 168 kilong ginto, 140 kilong pilak at 67 na kasuotan ng mga pari.



Nehemias 7:5-73

Magandang Balita Biblia

73 Ang mga pari, mga Levita, mga bantay ng Templo, mga mang-aawit, mga lingkod sa Templo at lahat ng Israelita ay tumira sa mga bayan at lunsod ng Juda.





MAHALAGANG

Prinsipyo sa Buhay

Nehemias 7:5-73



“Maihahayag ko ang
pagsamba ko sa Panginoon sa
pagbibigay at paggawa ng
mga paglilingkod.”



Ano o sino ang nag-udyok
kay Nehemiah na tipunin
ang mga tao para sa
pagpaparehistro? Para sa
anong dahilan? (vv 4-5)



PAGTUKLAS

Nehemias 7:5-73

1

Sino sa mga itinaboy
na mga Hudyo na
bumalik sa Jerusalem
ang nailista? (vv. 6-66)



PAGTUKLAS

Nehemias 7:5-73

2

Paano nakatulong ang
mga tao sa paggawa
ng lungsod?
(vv. 70-73)



PAGTUKLAS

Nehemias 7:5-73

3

Paano ipinakita ng metikulosong pagtatala ng mga nagbalik na tinaboy ang kahalagahan ng talaangkanan at pamana sa loob ng sinaunang lipunan ng Israelita at ng muling pagtatayo ng Jerusalem?

1



PAG-UNAWA

Nehemias 7:5-73

Anong mga pagkaunawa ang makukuha tungkol sa demograpiko at komposisyon ng mga bumabalik na tinaboy mula sa detalyadong talaan/listahan na nakasaad dito sa talata?

2

PAG-UNAWA

Nehemias 7:5-73



Ano ang matututunan natin mula sa ehemplo ng gobernador, ng mga pinuno ng mga pamilya, at ng iba pang mga tao sa verses 70-73?

3

PAG-UNAWA

Nehemias 7:5-73




Sa muling pagtatayo natin ng kultura ng ebanghelismo, pagdidisipulo, at misyon sa KBCF, paano mo hinahayag ang pagsamba mo sa Panginoon?



PAGTUGON

Nehemias 7:5-73

1



Nagagamit mo ba ang iyong
S.H.A.P.E. (Spiritual gifts, Heart,
Abilities, Personality, Experiences)
sa pagsamba sa Panginoon at
sa muling pagtatayo ng KBCF?
Pag-usapan sa grupo at
magsuportahan at maka-
encourage.

PAGTUGON **2**
Nehemias 7:5-73

Anu-anong mga hamon o alalahanin ang humahadlang sa iyo sa pagsali sa mga gawain sa simbahan? Paano makatutulong ang grupo at ang simbahan?



PAGTUGON 3
Nehemias 7:5-73



MAHALAGANG

Prinsipyo sa Buhay

Nehemias 7:5-73



“Maihahayag ko ang
pagsamba ko sa Panginoon sa
pagbibigay at paggawa ng
mga paglilingkod.”





MAHALAGANG

Prinsipyo sa Buhay

Nehemias 7:5-73



PAGTUKLAS



PAG-UNAWA



PAGTUGON

Small Group Sessions
CLOSING PRAYER



BIBLE STUDY

Nehemias 7:5-73

See You Next Week

PAGTUKLAS

PAG-UNAWA

PAGTUGON



KBCF

#4 11th Jamboree Street, Sacred Heart, Quezon City, Philippines

Worship Service Schedule: 9am

Livestream: Facebook and YouTube



kbcf.org.ph



[KBCFofficial](#)



[KBCFamily](#)



kbcf.office@gmail.com



0917-886-6650



8927-7420 | 8928-6584